**PRESIDENT FERDINAND ROMUALDEZ MARCOS JR.'s**
**CHRISTMAS MESSAGE**
December 24, 2023

Kasama ko ang aking buong pamilya na bumabati sa inyo ng isang maligaya at mapagpalang Pasko.

Tuwing sumasapit ang Kapaskuhan, lubos na kasiyahan ang umiiral sa buong sambayanan. Sa bawat sulok at daan matamis ang mga ngiti na sumasalubong sa bawat isa at ang ating mga puso ay napupuno ng saya at pag-asa.

Kaya naman, sa panahong ito, ramdam na ramdam natin ang lahat ng mga biyaya at bunga ng ating pagsisikap mula sa nakaraang taon. Lagi po tayong magpasalamat sa Poong Maykapal sa lahat ng kabutihan na ipinagkaloob sa atin.

Buksan po natin ang ating mga puso at ang mga tahanan upang maipadama natin ang pagmamahal at saya sa ating mga kababayan, lalung-lalo na sa lubos na nangangailangan.

Nawa'y isabuhay din natin ang tunay na diwa ng Pasko sa pamamagitan ng pag-unawa, pagkalinga at pagtulong sa kapwa.

Sa pamamagitan nito, tayo ay nagsisilbing parol ng siyang nagbibigay ng sigla, kulay at liwanag sa buhay ng bawat isa tungo sa mas maunlad na Bagong Pilipinas.

Muli, isang maligayang Pasko po sa inyong lahat.

***